Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-12 NG MARSO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 38-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PUNONG LUNGSOD, IGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKAPAGSAGAWA NG AGARANG PAGLILINIS O' PAGDI-DISINFECT SA LAHAT NG PAMPUBLIKONG PAARALAN AT TANGGAPAN NG GOBYERNO SA LUNGSOD NG MALOLOS BILANG PAG-IINGAT AT PAG-IWAS SA PAGKALAT NG COVID-19.

PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. MICHAEL M. AQUINO,
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. ENRICO C. CAPULE KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, dahil sa kasalukuyang pangkalusugang kalalagayan ng Pilipinas, ang Pangulong Rodrigo Roa Duterte ay nagpatibay ng Proclamation No. 922 na nagsasailalim sa State of National Public Health Emergency ang buong bansa dahil sa COVID-19, na isang epidemya sa buong mundo na nakapasok na rin sa ating bansa;

SAPAGKAT, layunin ng nasabing proklamasyon na maprotektahan ang mga mamamayan ng bansa, kaya ang lahat ng ahensya ng gobyerno, pati na lokal na pamahalan ay inaatasan na makiisa, tumulong at gumawa ng mga hakbang at pamamaraan sa agarang pagsugpo ng COVID-19;

SAPAGKAT, bilang tugon, katungkulan ng Pamahalaang Lokal na isulong ang kagalingang panlahat at maiinam na pagtitiyak ng kapakanan ng mga mamamayan nito sang-ayon sa itinadhana ng Seksyon 16 ng Republic Act 7160 o' mas kilala bilang Local Government Code of 1991;

SAPAGKAT, sa ganitong epidemya, ang mga paaralan at tanggappan ng gobyerno ay isa sa mga itinuturing na pampubliko at mataong lugar na kailangang sumailalim sa mahigpit na pag-iingat;

SAPAGKAT, nitong nakaraang Marso 10, 2020 nagpasiya ang Punong Lalalawigan na suspendihin ang klase sa lahat ng antas ng pampubliko at pribadong paaralan hanggang Marso 14, 2020 sa buong Lalawigan ng Bulacan;

SAPAGKAT, ang ganitong pagsuspinde ng mga pasok sa paaralan ay mainam na pagkakataon upang makapagsagawa ng paglilinis o' pagdi-disinfect ng mga paaralan at mga pampublikong tanggapan bilang hakbang sa pag-iingat sa COVID-19;

HON. PATRICK S. DELA CRUZ, CITY COUNCILOR
HON. DIONISIO C. MENDOZA, CITY COUNCILOR
HON. MIGUEL CARLOS B. SOTO, CITY COUNCILOR
HON. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, CITY COUNCILOR
HON. EDGARDO F. DOMINGO, CITY COUNCILOR
HON. EMMANUEL R. SACAY, CITY COUNCILOR
HON. DENNIS D. SAN DIEGO, CITY COUNCILOR

HON. NOEL G. PINEDA, CITY VICE MAYOR

HON. FRANCISCO J. CASTRO, CITY COUNCILOR
HON. NINO CARLO C. BAUTISTA, CITY COUNCILOR
HON. KIRK LOUIS NICOLAS, CITY COUNCILOR
HON. MICHAEL M. AQUINO, CITY COUNCILOR
HON. ENRICO C. CAPULE, CITY COUNCILOR

SAPAGKAT, sang-ayon din sa World Health Organization ang pagkakaroon ng malinis na sanidad ay isang paraan upang matiyak ang kaligtasan ng mga mag-aaral at ng mga empleyado ng gobyerno gayundin ng publiko;

Kung kaya't, sa pamamagitan ng kahilingan ni Igg. MICHAEL M. AQUIINO, na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na magalang na hinihiling sa Punong Lungsod, Igg. Gilbert T. Gatchalian na makapagsagawa ng agarang paglilinis o' pagdi-disinfect sa lahat ng pampublikong paaralan at tanggapan ng gobyerno, bilang pag-iingat at pag-iwas sa COVID-19.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*03122020